

PROLOGUE

The patriarch of the Williams' household sat formidably behind the large mahogany desk inside his study. Sa harap ni Harrison Williams ay tahimik na nakaupo naman ang dalawang anak na sina Matthew at Georgina.

Sadyang ipinatawag nito roon ang dalawa para sa isang mahalagang bagay at ngayong kumpletong magkakaharap na silang tatlo ay agad na itong nagsimula sa pormal na boses.

“As you have probably both been wondering why, I called this meeting to inform you that I have already properly and equally divided most of my properties and transferred them to your names.”

Huminto ang matanda at masuyong tiningnan ang ngayon ay tatlong buwan nang buntis na anak na babae.

“When Georgina Ashley here announced her engagement to Ezio over a year ago, I was beyond thrilled. I was so grateful that finally, my only daughter have decided to settle down. I didn't think I could be even happier until I learned I was going

to be a grandfather.”

Tumayo ang matanda at kinuha ang isang bagay na matagal nang nakatago sa loob ng safe, hindi pinansin ang pagtataakang gumuhit sa mukha ng dalawa pang naroon. Nang muling makabalik sa mesa ay iniabot nito ang isang passbook kay Georgie.

“What’s this, Dad?” takang tanong ng babae nang tanggapin iyon.

“A gift.”

Nang buksan iyon ni Georgie at makita ang nilalaman ay kitang-kita ang gulat na rumehistro sa mukha nito bago nagtatanong na tumingin sa ama. Masuyong nginitian lang ni Harrison ang anak.

“Before Johanna passed away, she made me vow on her deathbed take really good care of you two and our future grandchildren,” pagpapaliwanag ng matanda.

“You’ve done that and more, Dad. You’re an excellent father. Besides, Ezio and I can manage. You don’t have to do this. I’m grateful, I really am. But don’t you think this is a bit too much?”

“Think of it as a late wedding gift for you and Ezio and an advance gift for our future grandchildren,

Georgina. Your mom and I set trust funds for you and Matthew when you were still young. I know this is what your mother would've wanted if she was still here.”

Marahang tumango ang babae at namuo ang luha sa gilid ng mga mata nito. Ngumiti ito ng pasasalamat sa ama. Napansin ng matanda na tila naguguluhan si Matt sa takbo ng usapan sa pagitan nila ni Georgie at kung bakit ganoon ang naging reaksiyon ng kapatid pero nanatili lang itong tahimik ang anak na binata.

Hinintay ni Harrison na mag-usisa ang anak na lalaki pero ilang sandali na ang lumipas ay hindi pa rin kumikibo si Matthew kaya nauna nang nagkusang magsalita ang matanda.

“Aside from those properties that you two now acquire, each of you also have a reasonable amount of money to your respective names. It's all yours, you can do whatever you want with it.”

Saglit itong huminto sa pagsasalita at bumaling sa anak na lalaki.

“The bad news goes out to you alone, Matthew Mackendree. Your mother and I decided to hand over the money to you, kids, once you're married and are starting a family. We wanted to ensure a bright future

for our grandchildren and since Georgina is in the family way, she now has access to it. I assume you're still in no hurry to get married?"

"You mean dig my own grave? No. No plans yet."

"I thought so. I know you're doing well with your work in the company, Matthew. You've helped *Willtech* expand over the past few years. You're rich in your own right and you might not need the money at all. But as promised, you will still have it once you've settled down... or dug your own grave as you would put it," naaaliw na dagdag ng matanda.

Nagkibit-balikat lang si Matt bilang sagot na halatang hindi interesado ngunit mayamaya'y tila biglang naalalang itanong ang isang bagay.

"How much money are we talking about here anyway?"

"Oh, not much. Only about a billion for each of you."

1

“What do you mean we lost the foreign investors?” gulat na tanong ni Matt sa kausap sa cell phone.

Lalong dumilim ang kanyang mukha habang pinakikinggan ang sinasabi ng tauhan mula sa kabilang linya.

“Damn them! Sigurado akong sila na naman ang may kagagawan sa nangyaring ito,” tiim-bagang na sagot niya na ang tinutukoy ay ang *J2G Mainframe* na numero unong kakumpetensya nila ngayon sa negosyo.

“Call for an emergency meeting and book me a flight now. Call me back as soon as everything’s settled. I’m giving you an hour max. Babalik na ako ryan agad,” mariing aniya bago niya pinutol ang tawag at pabagsak na inilapag ang kanyang cell phone sa mesa.

Naihilamos niya sa mukha ang isang kamay sa magkahalong galit at panghihinayang. Malaki sana ang maitutulong ng mga Swedish investors sa kanila kung saka-sakali. Ang *J2G Mainframe* ay ang dating pabagsak nang *Electronus* na kapareho sa kanila

ang linya. Kilala ang *Willtech* sa bansa pagdating sa larangan ng mga computers at softwares ngunit simula nang mangyari ang nasabing takeover sa *Electronus*, ang *J2G Mainframe* ay naging isa nang napakalakas na kakumpetensya para sa kanila.

Ilang beses nang sumagi sa isip niya na maaaring may nagtatraydor sa kanila sa loob ng kompanya ngunit agad din niyang ibinabasura ang isiping iyon sa tuwina. Malaki ang respeto ng kanilang mga tauhan sa kanyang ama na siyang dating presidente ng kompanya bago siya pumalit dito at alam niyang hindi magagawa ng mga tauhan ang ganoong bagay.

Ngunit hindi rin naman niya maipaliwanag kung bakit hindi iilang beses na napunta sa kalaban nila sa huling sandali ang mga deals na malapit na sana nilang maisara. Dalawa sa kanilang mga major stockholders ang nag-pull out na ng shares. Sa loob lamang ng halos isang taon ay lubhang napakalaki na agad ng ikinalugi nila at alam niyang kung magpapatuloy iyon ay walang dudang iyon ang magiging dahilan ng tuluyang pagbagsak ng kompanya.

At hindi siya makapapayag na mangyari iyon.

Sariling dugo at pawis ang ipinuhunan ng kanyang ama sa kanilang kompanya at ngayong ipinagkatiwala na nito iyon sa kanya ay hinding-hindi

niya hahayaang mawala sa kanya nang ganoon na lang ang pinaghirapan nilang palaguin.

Mabilis na siyang nag-ayos at pagkatapos ay lumabas na ng silid para hanapin ang ama. Kadarating lang nila kagabi sa vacation house na pag-aari ng kanyang kapatid at ng asawa nito at kaya sila naroon ay para sa pribadong selebrasyon sa katatapos lang na binyag ng kanyang pamangking si Georgene noong nakaraang linggo. Ngunit mukhang kinakailangan niyang maunang umuwi kaysa sa mga ito.

Nang mahanap ang pamilya sa ibaba at tuluyang makapagpaalam nang maayos ay umakyat na siyang muli sa kanyang silid at tinapos ang paghahanda. Palabas na sana siya nang makarinig ng mga katok mula sa nakabukas na pinto ng kanyang silid at nang lingunin niya iyon ay nakita niyang nakatayo roon ang ama.

“Hey, Dad. I was just about to head out. Do you need anything?”

“As a matter of fact, I do.”

Hindi na nito hinintay na maimbitahan niyang pumasok at dere-derecho na itong naglakad palapit sa kanya.

“How long do you think could you keep me in

the dark about *Willtech*, Matthew?” direktang tanong nito.

Hindi na siya nagkunwari pang hindi naiintindihan ang sinasabi nito at hindi na rin siya nagulat o nagtaka pa kung papaano nito nalaman ang tungkol sa kompanya.

“Hindi babagsak ang kompanya kung iyon ang inaalala mo, Dad. I would never let that happen.”

“I know that, Matthew. I just don’t appreciate you keeping everything to yourself every time. Baka nakakalimutan mong kahit retirado na ako ay marami pa rin akong mga mata at tenga sa loob ng kompanya. I know a thing or two about what’s going on inside. For years, I’ve let you handle the company’s problems on your own, but I don’t think it’s right to continue watching from the sidelines.”

“What do you mean?”

“We both know how bad could easily come to worse in business. One wrong move and you can say goodbye to your millions. That’s why I’m willing to break my own stipulation to help you somehow.”

Naguguluhan man ay nanatili lang siyang tahimik at hinintay na dugtungan ng ama ang sinasabi.

“I’m willing to give you half your inheritance even if you’re not getting married yet. It’s a pretty good sum and I know you can use it given your current situation. That amount of money could strengthen the company in no time.”

Agad na nagpanting ang tainga niya. Wala bang tiwala ang ama sa kakayanan niya bilang kapalit nito kaya ito nanghihimasok sa pagpapatakbo niya sa kompanya?

Kunot-noong tumingin siya sa mga mata nito. “No. I don’t need your money if that is what you’re insinuating,” direktang pagtangga niya.

“Don’t be foolish, Matthew. Just think of it as an investment. Alam mong malaki ang maitutulong noon sa ’yo.”

“Dad, salamat pero kaya kong solusyunan ang mga problema ko nang mag-isa. I’ve done it many times without your help. I’m sure I can do it over and over again.” Binuhat na niya ang kanyang maleta sa isang kamay bago muling bumaling sa ama. “I don’t mean to be rude or anything, but if you will excuse me, I have to go. Enjoy your stay here. Goodbye, Dad.”

Hindi na niya ito hinintay na makatugon. Mabilis

Perfect Fit - Andrea Olivares

na siyang pumihit at malalaki ang mga hakbang na tuluy-tuloy nang lumabas ng silid.

2

Ang mabangong amoy na nagmumula sa kusina ang gumising kay Adrienne at kaagad na sumilay ang isang ngiti sa kanyang mga labi. Pakiramdam niya ngayong nakabalik na siya ng bansa ay tataba siya nang todo dahil sa mga masasarap na luto ng kanyang ina.

Mahigit isang buwan pa lamang ang nakalilipas mula nang makauwi siya at wala siyang ginawa sa buong panahong iyon kundi ang matulog, kumain o di kaya ay lumabas kasama ang ilang mga kaibigang matagal na niyang hindi nakikita.

Palibhasa ay nag-iisang anak at masasabing maalwan din ang kanilang pamumuhay ay nagawa ng mga magulang niyang mapag-aral siya sa isa sa mga pinakaprestihiyosong paaralan sa labas ng bansa. Hindi naman niya sinayang ang tiwalang ibinigay sa kanya ng mga ito.

She graduated with high honors from *Yale University*. Ngayon nga ay may MBA na siya.

Ngunit sa kabila ng lahat ng tagumpay na nakamit na niya ay hindi pa rin niya maiwasang

itanong sa kanyang sarili kung ano pa nga ba ang naghihintay sa kanya kapag pinili pa niyang magtagal doon. Ewan ba ni Adrienne pero pakiramdam niya ay hindi talaga siya nababagay roon.

Siguro dahil nasa dayuhang lupain siya kaya ganoon ang pakiramdam niya. Kahit ilang beses na niyang napatunayang kayang-kaya niyang makipagsabayan sa America ay hindi pa rin siya lubusang masaya.

She was longing to feel that deep sense of belongingness and she knew deep inside that she would never find it there.

Ang pakikipaghiwalay niya sa kanyang dating nobyo ang tumulong para mabuo ang kanyang pasyang umuwi na sa Pilipinas.

Nakaramdam siya ng kagyat na sundot sa konsyensya nang maisip si Steven. Kung tutuusin ay wala naman sanang problema rito. Guwapo, matalino, mabait... Halos wala siyang maipintas dito at sa katunayan ay masasabi pa niyang ito ang tipo ng lalaking alam niyang pinapangarap ng karamihan.

Ngunit sa buong durasyon ng pagsasama nila nito ay hindi niya malaman kung bakit hindi niya magawang ibigay nang buong-buo ang sarili niya

rito. Ilang beses na itong nagpapahiwatig na gusto na nitong lumagay sila sa tahimik ngunit sa tuwina ay iniiwasan niyang pag-usapan ang tungkol doon. Nang maglakas-loob itong magtapat at mag-alok ng kasal sa kanya ay saka lang niya tuluyang napagtantong dinadaya lang pala niya ito pati na ang sarili niya.

Alam niyang kailanman ay hindi niya magagawang suklian ang pagmamahal nito nang higit pa sa isang kaibigan—maling-mali siya nang pumayag na maging kasintahan nito. Hindi na niya gustong tagalan pa ang pagpapaasa sa lalaki sa wala. Dahil doon nakipagkalas siya at inamin dito ang totoo.

Matapos ang pangyayaring iyon ay nagbitiw na rin siya sa kanyang pinagtatrabahuhan at nagdesisyong umuwi sa Pilipinas. Sa gulat at katuwaan niya ay wala siyang maramdamang anumang panghihinayang sa kanyang naging pagpapasya at doon niya mas napatunayang tama lang ang naging desisyon niya.

Muling nalanghap ni Adi ang amoy ng pagkain at naramdaman niya ang pagkulo ng tiyan. Agad na siyang bumangon para maligo at pagkuwa'y dere-derecho nang bumaba.

Nang tuluyang marating ang komedor ay saka lang niya nakitang may bisita pala ang kanyang papa. A tall gray-haired Caucasian man sat beside her father

in front of the table. Familiar sa kanya ang mukha ng matanda ngunit hindi niya mailugar sa isip kung saan at kailan niya ito eksaktong nakita. Bago pa man siya makapag-isip ng mabuti ay agad na siyang nakita ng ama.

“Adi, Hija. Mabuti’t gising ka na. Why don’t you join us for breakfast?” yakag nito.

Mabilis siyang lumapit at binati ng isang magandang umaga ang mga ito bago siya naupo sa isang bakanteng silya sa harap ng hapag.

“Adi, this is my good friend and golf buddy, Harry, and Harry, this is my unica hija, Adrienne,” pagpapakilala ng ama sa kanilang dalawa ng bisita nito.

“Your father and I were just talking about you, Adrienne. Glad to finally meet you,” nakangiting anito.

“Thanks, Sir, it’s nice to meet you, too,” magalang na sagot niya, pilit pa ring inilulugar ito sa isip.

“Please. Tawagin mo na lang akong Uncle Harry.”

Bahagya pa siyang nagulat nang marinig ang taal na pananagalog nito. Marahil ay matagal na itong naninirahan sa Pilipinas kaya ganoon. Isang kiming

ngiti lang ang iginanti niya sa sinabi nito.

“Adi here is a business genius and an economist abroad. She returned to practice her expertise here in the Philippines,” mayamaya ay narinig niyang sabi ng kanyang ama. “Gusto niya raw magtrabaho sa sariling bayan.”

“Is that so?” nakangiting turan ng kanilang bisita bago ito bumaling sa kanya. “Impressive. I personally think you have made the right decision, Adrienne.”

“Thank you po. Uhm, do you have any children, Uncle?” she asked curiously.

“Oh, I do. I have two. But unlike you, my daughter doesn’t have any interest in the corporate world. My son, however, has a good business mind. Are you familiar with *Willtech*, Adrienne?”

“I’ve heard of it,” tumatangu-tangong tugon niya.

Kilala ang binanggit nito bilang isa sa pinakamalalaking kompanya sa bansa ngunit hindi lamang iyon ang nag-iisang dahilan kung bakit pamilyar iyon sa kanya.

“My son has taken over *Willtech* now. Mula nang magretiro ako ay siya na ang solong nagpapatakbo ng buong kompanya,” naulinigan niyang saad ng

matanda.

Bahagya na lang rumehistro sa kanya ang sinabi nito ngunit nang maisipan ng utak niyang gumana uli mayamaya ay agad na nanlaki ang kanyang mga mata nang tuluyan niyang maintindihan ang narinig.

“Anak n’yo ho si Matt?” gulat na tanong niya rito.

Kaya pala parang pamilyar ang mukha nito sa kanya dahil malaki ang pagkakahawig nito sa lalaki.

“Yes, Hija. You know my son? Paano kayo nagkakilala?”

“We, uhm, met back in the day. Georgie and I went to the same high school,” pasimpleng sagot niya. “How is he... and Georgie?” maagap na dugtong niya, umaasang wala itong mahalatang kakaiba. Baka kasi mag-isip pa ng kung anu-ano ang mga kaharap, mahirap na.

“Georgina is now married at napakaganda ng apo na ibinigay niya sa ’kin. Matthew on the other hand said he had no plans of digging his own grave just yet.”

“Maybe he’s just busy running the business, Harry,” komento ng kanyang ina na noon lang dumulog. Naupo ito sa tabi niya.

“You’re right. The company’s taking up most of his time. Lalo na ngayon. Truth is, the company’s not doing very well right now. I offered to help him but he refused. Ayaw na ayaw ni Matthew ang tumanggap ng tulong mula sa kahit na kanino lalung-lalo na mula sa akin. He’s been arrogant and headstrong since he was a child, pero nagaalala ako na baka iyon pa ang magpabagsak sa kompanya sa huli.”

“Kanino pa ba naman magmamana ang anak mo kundi sa ’yo rin, hindi ba?” kunwa ay biro ng kanyang ama rito.

Nagtatawanang nagpalitan pa ng ilang mga salita at kuro-kuro ang mga ito tungkol sa mga bagay-bagay hanggang sa mawala na ang atensyon ng mga ito sa usapan tungkol kay Matt at sa negosyo. Hindi na siya nakisali pa sa usapan. Matapos kumain ay nagpaalam na rin siya sa mga itong mauunang umakyat para maghanda dahil may lakad pa siya.

Ngunit bago tuluyang umakyat si Adi ay mabilis na sinulyapan niya ang kanilang bisita at napaisip kung bakit hindi niya agad napansin ang pagkakahawig nito sa anak na lalaki. Siguro ay dahil matagal nang panahon ang lumipas mula nang huli niyang makita si Matt kaya ganoon.

Nang marinig niyang muli ang tawanan mula sa

komedor ay saka lang niya naalalang naroon pa rin pala siya sa ibaba ng hagdanan at hindi gumagalaw mula sa kinatatayuan kaya agad niyang hinamig ang sarili at ipinagpatuloy ang pag-akyat papunta sa kanyang silid.

Bukod sa kuryosidad niya kung gaano na kalaki ang ipinagbago ng hitsura ni Matthew mula nang huli niya itong masilayan, isang malaking palaisipan din para sa kanya ang tungkol sa kasalukuyang pinagdadaan ng kompanya nito.

3

Eleven years ago...

Hindi mapakaling paulit-ulit na sinusulyapan ni Adrienne ang direksyon ng pintuan ng gym kung saan kasalukuyang ginaganap ang kanilang soiree. Kasisimula pa lang ng programa ngunit gusto na niyang umalis doon at umuwi, kaya lang ay sigurado siyang magtataka ang mga magulang kapag ginawa niya iyon. Ramdam niya ang katuwaan at kasabikan ng dalawa para sa kanya nang inihatid siya ng mga ito kanina at ayaw niyang bigyan ang mga ito ng dahilan para mag-alala.

Muli niyang itinulak pataas sa matangos na ilong ang salaming suot bago kiming inilibot ang paningin sa paligid. Nang masulyapan ang naggagandahang mga kamag-aaral ay mabilis din siyang napayuko at nanliliit na nanatili lang siyang tahimik na nakaupo sa isang tabi habang hinihintay na matawag ang pangalan niya.

Taun-taon ay may ginaganap na soiree para sa mga third year at fourth year students ng academy na pinapasukan niya at dahil isa siya sa mga juniors na naroon, ang gabing iyon ang unang pagkakataong

mararanasan iyon ni Adi.

Ang soiree ay ang sariling bersyon ng kanilang academy ng isang regular na prom night ng ibang mga paaralan. Ang kaibahan nga lang, dahil eksklusibo para sa mga babae ang kanilang pinapasukan ay mahigpit ang mga patakaran doon. Ang mga kalalakihang nagmula sa kanilang affiliate academy lamang ang maaaring dumalo at hindi sila malayang makakapili ng magiging kapareha at sa halip ay ang mga organizers ang gagawa niyon para sa kanila.

Sa simula ay hiwalay ang kinauupuan nilang mga babae sa mga lalaki at kapag nagawa nang tawagin kung sino ang magiging magkapareha ay saka lang sila puwedeng lapitan ng mga ito kaya madalas na noon lang nagkakakilala ang isa't isa.

“Lantera, Adrienne and Williams, Matthew Mackendree.”

Bahagya pa siyang napakislod sa kinauupuan nang tuluyang marinig ang kanyang pangalan bago nanlalamig ang mga kamay na dahan-dahang tumayo. Kinakabahang hinayon niya ng tingin ang grupo ng mga kalalakihan sa kabilang panig nang marinig ang pangalang binanggit kasunod ng kanya.

Nang makita niyang tumayo ang isang matangkad

at guwapong lalaki para sunduin siya sa kinaroroonan ay ramdam niya ang dismayado at nang-uuring tinging ibinato sa kanya ng halos lahat ng mga babaeng naroon. Bago pa man kasi dumating ang araw ng mismong event ay usap-usapan na sa campus ang tungkol sa pagpunta ng nakatatandang kapatid ng kanilang campus figure na si Georgina Ashley Williams at marami ang umasang makakapareha ang lalaki sa gabi ng soiree. Hindi niya inaasahang siya pa ang magiging kapareha nito.

“Hi. Adrienne, right? I’m Matthew Mackendree Williams and it’s a great honor for me to be your date tonight,” narinig niyang masiglang bati nito nang makalapit. Sa labis na kaba ay hindi niya halos namalayang naroon na ito agad sa harap niya. “I got you something, by the way. I hope you like it,” narinig niyang saad nito bago isinuot ang isang corsage sa kanyang kamay.

“I-it’s pretty. T-thank you,” aniya sa mahinang tinig habang pinagmamasdan ang bulaklak at kiming ngumiti rito. Pagkuwan ay agad ding nagbaba ng tingin.

“You’re welcome. Shall we?”

Mukhang napansin yata nito ang bahagyang panginig niya nang ikawit niya ang kamay sa

nakalahad nitong braso dahil isang mahinang pisil at naninigurong ngiti ang ibinigay nito sa kanya bago siya tuluyang iginiya sa mesang nakalaan para sa kanila.

Ilang sandali pa ay tapos nang ianunsyo ang lahat ng mga magkakapareha at pormal nang sinimulan ang main program.

Nanatili siyang nakayuko at tahimik sa gitna ng kaganapan ngunit bago sinimulan ang pagsisilbi ng kanilang pagkain ay narinig niyang biglang nagkomento ang katabi.

“Georgie says I look like King Kong whenever we’re bickering. I think I’m beginning to believe her.”

“Huh? King Kong?”

“Iniiwasan mo kasing tumingin sa akin, Adrienne. Baka ’ka ko tama nga ang sinasabi sa ’kin ng kapatid ko,” kunwa ay naghihinampong paliwanag nito.

Agad siyang nakaramdam ng matinding hiya rito. Mula pa man kasi kanina ay panay na ang kausap nito sa kanya. Sinasagot naman niya itong at iling at tango. At hindi humihigit sa isa o dalawang salita ang mga isinasagot niya.

“I’m s-sorry. You, ah... You d-don’t look like King Kong at all,” nakayuko pa ring sabi niya.

“Mukhang napipilitan ka lang yatang sabihin ’yan. Ayaw mo pa rin kasing tumingin sa akin nang derecho.”

Humugot si Adi ng isang malalim na hininga bago pinilit ang sariling dahan-dahang salubungin ang tingin nito para lamang kagyat na mapakagat-labi sa pagpipigil na mapahagikgik sa nakitang katawatawang hitsurang ginawa nito.

Nang magpatuloy ito sa pangungulit sa kanya ay hindi na niya napigilan ang sarili at impit nang napahagikgik dito. Pinigilan lang niya ang tuluyang mapabunghalit ng tawa nang hindi pa rin ito nagpaawat sa kakulitan. Nakita niya ang isa sa kanilang mga gurong kilala bilang ubod ng sungit mula sa kabilang mesa na muntik nang masamid sa iniinom nang bigla itong balingan at kawayan ni Matt sa ganoong hitsura.

“Uy, Williams, tigilan mo na ’yan bago pa tayo lapitan ni Miss Carumba dito,” natatawang sabi niya.

“Uh, masyado naman yatang pormal ’yong Williams, Adrienne,” nakangiwing anito. “Ganito na lang. Let’s reintroduce ourselves, all right?” mabilis na suhestyon nito bago inilahad ang isang kamay sa kanya at kunwa ay inulit ang pagpapakilala. “Hi, I’m Matt. You?”

Nang makita ang isang palakaibigan at tunay

na ngiting nakapaskil sa mga labi nito para sa kanya ay naramdaman na lang niya ang dahan-dahang pagkawala ng inisyal na pagkailang rito kanina.

“Hello, Matt. My name is Adi and it’s so nice to meet you,” nakangiti na ring sagot niya sabay tanggap ng pakikipagkamay nito.

Sa mga sumunod pang sandali ay natagpuan na lang ni Adi ang sariling nag-e-enjoy sa kompanya nito. Sa katunayan nga ay hindi na niya napansin pa ang masasamang tinging ipinupukol sa kanya ng iba sa tuwing mapapalingon ang mga ito sa gawi nila habang masaya siyang nakikipag-usap sa lalaki.

Mayamaya pa ay nagsimula na silang kumain at nang magpaalam siyang sasaglit sa banyo ay nagprisinta pa itong samahan siya hanggang sa labas ngunit tumanggi siya at sinabihan itong tapusin na lang ang pagkain.

Pabalik na sana siya sa kanilang mesa nang hindi inaasahang nakasalubong niya sa labas ang mga sikat na seniors sa kanilang paaralan.

“If it isn’t the pathetic school geek standing right in front of us,” puno ng pang-uuyam na sabi ng isa sa apat na mga babaeng nasa harap niya.

Hindi niya gustong pagsimulan ng anumang gulo

kaya sinubukan na lang niyang umalis mula roon ngunit nang akmang lalagpasan na sana niya ang mga ito ay pinigilan siya ng isa at itinulak paatras dahilan para mapabalya siya sa dingding.

“Teka lang naman. Kinakausap ka pa, eh,” anito. “Muntik mo na talaga kaming mapaniwala sa imaheng ipinapakita mo, ah. Kunyari ka pang santa-santita, malandi ka rin naman pala.”

“Oo nga. You know what? I feel so sorry for Georgina’s brother. Sa dinami-rami ng mga babaeng nandito, ikaw pa ang nakapareha niya. Ang malas naman niya’t bumagsak siya sa tulad mong—”

“Well, given another chance, I’d still choose to be with someone as kindhearted, unpretentious and warm as Adi over any of you,” biglang putol ni Matt sa sinasabi ng babaeng tumatayong leader ng mga ito dahilan para mapalingon silang lahat dito.

Kitang-kita ni Adi ang pagtiim-bagang ng lalaki dahil sa tila tinitimping galit bago nito hinawi ang mga nakaharang sa kanya at humakbang palapit.

“Adi, are you okay?” masuyong tanong nito na ginantihan niya ng isang mahinang tango bilang sagot.

Alam niyang hindi ito kumbinsido sa naging sagot niya ngunit pinalampas na lang muna nito iyon at

hinapit siya palapit bago muling binalingan ang mga babae.

“You might consider yourselves visibly attractive, but men could usually see through the shallow veneer.”

Matapos sabihin iyon ay agad na siyang iginiya nito palayo at naiwan na lang ang mga babaeng patdang sinusundan sila ng tingin.

Napukaw lang mula sa pagbabalik-tanaw si Adi nang marinig ang pagbusina ng isang sasakyan mula sa labas at noon lang niya napagtantong kanina pa siya blangkong nakatingin lang sa telepono.

Pumikit siya nang mariin at isang malalim na buntong-hininga ang pinawalan niya bago dahan-dahang binuksan ang mga mata. Tatlong araw na niyang pinag-iisipan kung tama bang gawin niya ang binabalak. Hindi niya alam kung ano ang maaaring maging sagot sa katanungan niyang iyon ngunit bago pa siya magdalawang-isip at tuluyang umatras ay iniangat na niya ang receiver ng telepono at nagsimulang mag-dial.

“Sir, there’s an Adrienne Lantera on the line and

she wants to talk to you. Do you want me to put her through?” narinig ni Matt na sabi ng kanyang sekretarya mula sa intercom.

Biglang napaangat ang tingin niya mula sa binabasang papeles nang marinig ang pangalang binanggit nito.

Adrienne Lantera.

It was her. It had to be her. It had been years but he knew he would never forget that name.

His *Cinderella*.

Agad na sinabihan niya ang kanyang sekretaryang tatanggapin niya ang tawag at iniangat na ang receiver ng telepono pagkatapos.

“Matthew Williams.”

“Hello, Matt. Uhm, it’s me, Adrienne Lantera. We met when I was in high school? I know it’s been a long time but I, uhh, hope you still remember me,” tila nahihiya pang sabi nito.

Agad siyang napangiti nang marinig ang tinig nito mula sa kabilang linya. Taglay pa rin nito ang malamyos na boses na naaalala niya.

Yup. It’s her all right.

“Of course I remember you. It’s been indeed a long time. How have you been, Adi?”

“Great. And you?”

“Doing just fine.”

“I see. Good for you.”

Pareho silang natahimik bigla pagkatapos ng huling sinabi nito at natagpuan na lang ni Matt ang sariling nasa isang alanganing sitwasyon. Gusto niyang pahabain pa ang pakikipag-usap niya rito ngunit tila bigla na lang nagsara ang utak niya at wala na siyang iba pang maisip na sasabihin. Ilang tahimik na sandali rin ang lumipas bago niya muling narinig ang tinig nito sa kabilang linya.

“Matt? Still there?”

Talk, you idiot!

“Yeah? Yeah, I’m still here,” maagap na sagot niya. Gusto na niyang sipain nang malakas ang sarili sa kanyang ikinikilos. He was twenty-seven for God’s sake! Kailan pa siya nadungo sa babae? “Hey, Adi, I’m just wondering, do you have any plans for tonight?”

“Tonight?” ulit nito.

“Yeah. Gaya nga ng sinabi mo, it’s been a long

time. We have some catching up to do. And just so you know, I won't take no for an answer, Adi. Kukulitin lang kita nang kukulitin hanggang sa pumayag ka."

"Oh. Persistent, aren't we?"

Bahagya pa siyang natawa nang mahimigan ang panunukso sa boses nito.

"You have no idea, Adi. So, is that a yes?"

"Uh-huh."

"Great. Where shall I pick you up?"

"Why don't we just meet at *Hadleigh's* at seven? I assume you know the place?"

"Oo. Pero sigurado ka bang ayaw mong sunduin kita?"

"Yup. Positive."

"Okay. Got it. You're the boss. *Hadleigh's* at seven then. See you tonight, Adrienne."

"Yeah. See you, Matthew."

Nang matapos ang tawag ay prenteng sumandal si Matt sa kanyang upuan at malapad na napangiti sa sarili habang binabalikan sa isip ang nakaraan.

Bahagya pa siyang napailing nang maalala ang

unang gabing nagkakilala sila ng dalaga. Halos hindi ito kumikibo sa hiya sa kanya sa simula. Mabuti na lang at unti-unti ring nawala ang labis na pagkailang nito sa kanya kalaunan.

Ngunit kung kailan naman nagsisimula pa lang itong mapalagay ay saka naman ito pinagtulungan ng mga kapwa kamag-aaral nang dahil sa kanya.

Nang magpaalam itong sasaglit sa banyo at matagalan sa pagbalik ay naisipan niyang sundan na ito at noon niya naabutan ang eksena.

Matapos itong ipagtanggol mula sa mga babae ay hinila na niya palayo si Adi at tuluy-tuloy nang pumuslit mula sa pinagdarausan ng event at sa loob ng pool area sa kabilang bahagi ng campus sila nito humantong.

Panay ang pagbibiro at pagpapatawa niya rito noong una upang subukang alisin ang isip nito sa nangyari hanggang sa tuluyan siyang magtagumpay. Kahit paano ay mas nakilala niya ito. Bukod sa ubod ang dalagita ng talino ay masarap itong kausap at masayang kasama kung gugustuhin lamang nito. Sa gitna ng mga kuwentuhan, tawanan at walang humpay na usapan nila ay hindi na nila parehong namalayan ang pagdaan ng oras hanggang sa mapagtanto nilang nagsisimula na pala ang sayawan

sa event.

Dahil dinig pa rin naman mula sa kinaroroonan nila ang mga tunog na nagmumula sa loob ng gym ay naisip niyang yayain itong sumayaw doon mismo sa pool area. At sa buong katuwaan niya ay sumangayon si Adi.

Nagpatuloy sila sa masayang pag-uusap nito habang sumasayaw at matapos ang ilan pang kanta ay natagpuan na lang niya ang sariling tila nahihipnotismong inaabot ang salamin nito sa mata para tanggalin iyon. Namalayan na lang ni Matt ang sariling ginagawaran ang dalagita ng isang masuyong halik sa mga labi.

Hindi niya alam kung gaano katagal na naghinang ang kanilang mga labi. Ang naaalala lang niya ay dagli itong lumayo sa kanya nang biglang tumunog ang bell pagsapit ng alas doce; hudyat na tapos na ang event at kailangan nang magsiuwian ng mga estudyante. Sa hiya at gulat marahil nito sa nangyari ay mabilis na itong pumihit at walang lingon-likod na tuluytuloy nang tumakbo palayo sa kanya para bumalik sa gym. Ilang minuto rin siyang nanatiling tulala sa kinatatayuan kaya nang maisipan niyang sundan ito ay hindi na niya ito naabutan pa at magmula noong gabing iyon ay hindi na sila muli pang nagkita.

Perfect Fit - Andrea Olivares

Ilang taon na ang nakaraan at malamang ay marami na rin ang nagbago sa kanila sa paglipas ng mga panahong iyon. Ngunit iisa lang ang nasisigurado ni Matt.

He was beyond excited to see *Cinderella* again.

4

Dinig ni Adrienne ang malakas na pagkabog ng kanyang dibdib hanggang sa kanyang mga tainga. Hindi niya lubos na maisip kung bakit ganoon na lang ang kabang nadarama niya habang iginigiya siya ng waiter patungo sa mesang kinaroroonan ni Matt.

Pagpasok pa lang niya kanina ay nakita na niya ito at agad na namukhaan. Sa taglay nitong hitsura at karakter, ito ang tipo ng taong imposibleng makaligtaan at kahit saan magpunta ay siguradong makakatanggap ng atensyon mula sa madla lalo na sa mga kababaihan.

Matagal nang alam ni Adrienne kung gaano ito kaguwapo at kung gaano kalakas ang personalidad nito pero hindi pa rin niya napigilang mahigit ang hininga sa eksaktong sandaling nakita niya ito.

Kahit salubong ang makakapal na mga kilay at halatang aburido ay hindi pa rin niyon nabawasan ang kakaibang dating ng lalaki. May kausap ito sa cell phone mula pa nang pumasok siya kaya alam niyang hindi pa siya nito nakikita at sinamantala naman niya ang panahong iyon para pag-aralan ito.

His gorgeous blue eyes were still the same; same as his perfectly crafted nose and those lips she'd always found so seductive. Sa isang pisngi ay naroon pa rin ang malalim na biloy nito na wari ay laging nakikipaglaro ng taguan sa tuwing nagsasalita ito.

Matt looked as gorgeous as she remembered. Only this time, all traces of boyishness had gone. What she could see now was a full-grown man.

At nakamamatay ang kaguwapuhan nito.

Bumilang siya hanggang lima at pasimpleng huminga nang malalim para subukang bawiin ang composure at bahagya pa lang siyang nagtatagumpay nang biglang mag-angat ng tingin si Matt at nagtama ang kanilang mga mata. Hindi nakaligtas sa kanya ang kagyat na pagbabago ng ekspresyon ng mukha nito nang makita siya. Agad na tinapos na nito ang tawag bago pa man siya tuluyang makalapit. Nakita niyang gumuhit ang rekognisyon at gulat sa mukha nito bago sumungaw ang isang malapad na ngiti sa mga labi nang tumayo ito para salubungin siya.

“Adrienne Lantera,” bati nito bago siya pinasadahan ng isang humahangang tingin. “You look stunning.”

Sinikap niyang pigilan ang pagkalat ng pamumula

sa kanyang mukha. Alam niyang malayo na ang hitsura niya kung ikukumpara noon. Matagal nang inalis ang braces niya sa ngipin at ipinagpalit na niya ang mga salamin sa mata para sa colorless contact lenses. Natuto na rin siyang mag-ayos ng kanyang sarili mula nang manirahan siya sa ibang bansa.

“Adi, I should say, seeing you again feels like prom night all over again,” nakangiting pagbubukas nito matapos maibigay ang kanilang order sa waiter.

“Minus the nerdy look, you mean.”

“I thought it looked cute on you. Especially the braces.”

“Says the guy who fortunately never needed to wear them.”

“No. I’m serious, Adi. You’re already charming then, nadagdagan lang ngayon. You still have the same pretty smile.”

Naramdaman niya ang muling pag-iinit ng mukha.

“And you’re almost the same as I remember, Matt. Only taller and more...”

“Handsome?” maagap na salo nito at pabiro pang itinaas-baba ang mga kilay na ikinatawa niya.

Naramdaman na lang ni Adrienne ang unti-unting pagkawala ng ilang na nararamdaman niya kanina. It did feel like prom night again. Naalala kasi niyang panay ang biro nito noon sa kanya para lang tuluyang mawala ang pagkailang niya at maging komportable siya rito.

“Narcissist. I was going to say mature.”

“Aww. You don’t think I’m handsome?”

“Well, I do see that the years have been really good to you, Matt,” kunwa ay simpleng komento niya ngunit nang makita niya ang isang malapad na ngiting unti-unting sumungaw sa mga labi nito ay agad niyang naisipang idagdag, “Only, you look more like King Kong now.”

Sabay pa silang natawa nang maalala nila pareho ang bahaging iyon ng usapan nila noong gabi ng soiree.

“It’s okay. I know you don’t really mean that. Alam ko namang nagaguwapuhan ka talaga sa akin. Ang inaalala ko lang, papaano kung may nakarinig sa ’yo? I have a reputation to uphold, you know, being one of the most eligible bachelors in town,” nakangising saad nito.

Eksaheradong iniikot niya ang mga mata. “Oo

nga, parang may nabalitaan nga ako na wala kang balak mag-asawa.”

“Well, you must admit, most women want to get married as soon as possible while most men aim to remain unmarried for as long as they can.”

“But I’m not like most women.”

“I noticed,” sagot nito bago tumango sa direksyon ng kanyang kaliwang kamay. “If I may ask, why aren’t you married yet, Adi? It’s hard to imagine someone as gorgeous as you would be without someone special. I’m sure you have a boyfriend. If I were in his shoes, I would’ve already put a ring on your finger.”

Muntik na siyang mapaubo sa sinabi nito nang bigla niyang maalala si Steven.

Nasagip lang siya mula sa pagsagot nang dumating ang waiter dala ang mga in-order nila at nakuha ng mga pagkaing inilapag nito ang buong atensyon niya.

“Sigurado kang kaya nating ubusin ’to?” Tingin niya kasi ay good for five persons ang order nito.

“Oo naman. Bakit? May problema ba?”

“I assumed that a man like you would have a pretty healthy appetite, but this much? I mean, where

do you put all the excess fats? You don't seem to have any," di napigilang komento niya.

Narinig niyang tumawa ito. "Did I just hear a compliment from you, Adrienne?"

Nang iangat niya ang mga mata upang tingnan ito ay nakita niya ang tila naaaliw na ngiting gumuhit sa mga labi ni Matt. Napailing na lang siya sa panunukso nito.

"Guni-guni mo lang iyon, Matt. Ang mabuti pa, kumain na tayo dahil tingin ko'y masyado ka nang nalipasan ng gutom. Kawawa ka naman," aniya na tinawanan lang nito.

Ilang sandali pa ay sabay na silang maganang kumakain at nagpatuloy sa pag-uusap tungkol sa iba't ibang bagay. Palibhasa ay nasa kasarapan ng kanilang usapan, sunod na lang niyang namalayan ay halos paubos na pala ang mga pagkaing nasa harap nila.

"God, I feel like a glutton," gulat na puna niya.

"Kain pa, Adi," anito.

"Ayoko na. Pakiramdam ko sasabog na ang tiyan ko sa sobrang kabusugan. Ikaw na'ng umubos niyan tatal mukhang gutom ka pa," biro niya.

"You think?"

Napangisi siya sa sinabi nito. “Hindi ko alam na puwede ka palang ilaban sa contest ng kainan, Matt. Saan mo ba itinatabi ang mga iyan?” Maganda ang pangangatawan nito.

Sasagot na sana ang binata nang biglang tumunog ang cell phone nito at hindi nakaligtas sa kanya ang kagyat na pagkunot ng noo ng kaharap nang tingnan kung sino ang tumatawag. Ngunit hanggang sa matapos ang pag-ring niyon ay hindi nito iyon sinagot.

“I’m sorry. Where were we?” muling baling nito sa kanya ngunit muli na namang tumunog ang cell phone nito na patuloy lang nitong inignora.

“Uhm, aren’t you going to pick up?” nagtatakang tanong ni Adi.

Umiling ito bago sumagot. “It’s not important. Huwag mo na lang pansinin,” nakangiting sabi nito ngunit napansin niyang hindi iyon umabot sa mga mata nito.

Nang muling tumunog ang cell phone sa ikatlong pagkakataon ay tuluyan na nitong pinatay iyon at ipinagpatuloy ang pagkain ngunit napansin niyang nag-iba na ang timpla nito.

Nakabuo agad siya ng hinala sa isip kung tungkol

ano ang maaaring nakakaabala rito at saka lang niya biglang naalala ang totoong dahilan kung bakit siya naroon.

“Matt?” aniya

Agad naman itong nag-angat ng tingin mula sa kinakain at tumingin sa kanya. “Yes?”

“Were the calls just now work-related?”

“Sort of,” may pag-aalinlangang sagot nito. “Why?”

“I... I don’t mean to pry but I heard *Willtech* is currently facing a difficult time. H-how are you handling all that?” nananantyang tanong niya.

Agad na nakagat ni Adi ang pang-ibabang labi nang makitang natigilan ito at tuluyan nang huminto sa pagkain bago kagyat na dumilim ang mukha.

“How did you know about the company?”

“I... from your father. He and my father are friends.”

Nakita niya ang agad na pagsasalubong ng mga kilay nito at pagtitiim ng mga bagang sa narinig.

“My father told you about the company?” tanong nito, naniningkit ang mga mata. Kitang-kita niya ang

paggalaw ng mga kalamnan nito sa panga dahil sa pinipigil na galit. “Did he also tell you how little faith he had in me and that he’s scared I’d run his company into the ground?” sarkastikong dugtong nito.

“Your father is just worried about you, Matt.”

“Bullshit! He only cares about his damn company.”

Kung nagulat man siya sa bahagyang pagtataas ng boses ng lalaki ay mukhang ganoon din ito. Napansin niya sa gilid ng kanyang mata na napalingon sa gawi nila ang iba pang mga patron ng naturang restaurant.

Mabilis itong bumuntong-hininga para kalmahin ang sarili at agad na humingi ng paumanhin sa kanya.

“I’m sorry, Adrienne. I didn’t mean to raise my voice at you. You’re right. It’s true that *Willtech* is facing problems as of the moment, but can we not ruin our night by talking about it? Kalimutan na lang muna natin ang tungkol doon sa ngayon.”

Hindi siya agad nakatugon sa sinabi nito. Sa pakiwari niya ay lalo lang siyang makakaramdam ng sundot sa konsyensya kung patatagalin pa niya ang totoong pakay kaya naman kahit kinakabahan ay pinili na niyang sabihin dito ang totoo.

“The truth is, I... I called you earlier to talk about

your company,” aniya sa mahinang tinig.

Hindi ganoon kahirap makita ang kalituhang bumadha sa mukha nito. Maagap siyang nagpaliwanag.

“I sort of have a little flair for business. I took up Economics, earned my business degree, nakapagtrabaho na ako sa States, Matt. Business consultant ako d’un para sa isang kilalang firm.” Sandali siyang huminto para tingnan ang reaksiyon nito ngunit nang manatili lang itong tahimik ay lakas-loob na nagpatuloy siya. “I-I just thought your company could use my help.”

Hindi ito agad na sumagot at blangkong tiningnan lang siya nang derecho sa mga mata.

“Tell me, did my father put you up to this?” pagkuwa’y tanong nito.

“Your father?” naguguluhang tanong niya rito. “No. I thought about this myself.”

Nang manatili lang itong tahimik at matamang nakamasid sa kanya ay noon na siya tila biglang inalihan ng hiya.

“Look, Matt. I didn’t mean to tread on your toes. I’m sorry if I’ve offended you. It’s just that I only wanted to help an—”

“How do you plan to do this?”

“—old friend. What?” Napatitig siya rito.

“I said, how do you plan to help the company? What do you suggest we should do?” kalmadong tanong nito.

Was he saying yes to the idea?

“Are you—”

“Yes, Adrienne. I’m willing to accept your help.”